

Chapter One



Dreamelyn Sarmiento loved books. Tagalog, English, romance, mystery, thriller, fiction, non-fiction, lahat ng genre, wala siyang pinipili o itinatangi.

Ewan niya lang kung saan at paano nagsimula pero mula pinakaunang alaala niya, gustung-gusto na niya ang mabangong amoy ng ink at papel na nakalathala. Musika sa kanyang pandinig ang paglagaslas ng mga pahina habang binubuklat iyon. Bawat pahina pa ay may taglay na mahikang may kakayahang magdala sa kanya sa mga kakaibang lugar na alam niyang hindi niya mararating sa loob ng mahabang panahon.

Walang kwenta para sa kanya noon ang maglaro ng manyika, takbuhan, taguan o ng kung ano pa kasama ang ibang mga bata sa lugar nila. Natural, dahil parati siyang nakasubsob sa libro, may suot na salamin sa mata at di-ordinaryo ang katalinuhang taglay, binansagan siyang 'nerd' ng mga kaklase.

Hindi na bale. Nagamit naman ni Dream ang pagiging bookworm at nerd bilang isang propesyon. Iyon nga lang, may bansag pa din sa kanya: weird. Or at best, eccentric.

May sarili daw kasi siyang mundo. May mga

hirit siya na walang nakakaintindi at natatawa kundi siya dahil nire-relate niya ang usapan sa isang kuwentong nabasa niya mula sa kung saan at walang ibang nakakaalam.

Oh, well. Basta masaya siya sa ginagawa, wala siyang pakialam. Kumpara sa mga natatanggap niya noon na medalya at citation bilang tanda ng kanyang talino, mas achievement para sa kanya ang makarating sa bawat maluwalhating ‘The End’ ng mga binabasa niya. At, nerd, weird o eccentric man, maraming nagmamahal at natutuwa kay Dream lalo at likas na magiliw siya sa mga nasa paligid niya.

Pinakamahal siya ng mga estudyante niya sa maliit na day care center sa kanilang barangay sa bayan ng Lucena kung saan isa siyang volunteer teacher. Reading and writing for pre-schoolers ang itinuturo niya.

“O, kids, ano naman ang gusto n’yong basahin natin sa susunod na klase?” tanong niya sa mga ito nang matapos ang isang oras na karaniwan nilang session.

Isang koro ng matitinis na boses ang sumagot. May kani-kanyang suggestion ang mga ito, wala tuloy siyang naintindihan sa mga sinasabi. Kaysa pag-awayan ng mga bulinggit kung ano’ng piliin niya, nagbigay na si Dream ng suggestion na hindi naman talaga suggestion.

“Masaya ang tungkol sa *Alamat ng Saging*. Iyon

na lang ang pag-aralan natin. Okay ba iyon sa inyo?”

“Opo! Sige po.” Sabay-sabay na muling sumigaw ang labindalawang paslit na nasa apat hanggang anim na taong gulang.

“O siya, maghahanda ulit si Teacher ng giant story book next time,” nakangiting anunsyo ng dalaga.

Ang tinutukoy niya ay illustrations na iginuguhit niya sa malalaking piraso ng manila paper o cartolina para magsilbing visual aid. Hindi naman kasi lahat ng bata ay may hawak na libro. Hindi man niya first love ang pagguhit, may kakayahan din siya bilang visual artist.

“Yehey!” Nagtatalon at may kasama pang masiglang palakpakan ang tugon ng mga sinabihan.

“Dasal na tayo?” paanyaya niya bago pinamunuan ang mga itong umusal ng *Angel of God* at saka tuluyang pinauwi.

Siniguro niyang bawat bata ay may sundo nang magulang o yaya bago siya nagsimulang magligpit. Ikinakandado ni Dream ang cabinet na pinagtipunan niya ng mga libro, papel at crayons nang may tumawag sa kanya mula sa pintuan.

“Hindi ka ba napapagod sa ginagawa mo?”

Bago pa niya makita, alam na niya kung sino iyong nagsalita. Nakangiting lumingon siya sa pinagmulan ng boses. Si Buddy—kaibigan, kababata at sort of boss niya dahil nagtatrabaho din siya bilang sales staff sa maliit na bookstore na pag-aari

ng pamilya nito.

“Ikaw naman, Salvador, parang bago nang bago sa iyo kung ano’ng gawain ko.”

Apat na taon na mula nang magtapos siya ng AB Literature sa *Sacred Heart College* sa Lucena City. Mas matagal pa roon mula nang simulan niya ang pagbo-volunteer sa day care kahit pa may iba namang naaasahang volunteer teachers doon. Bokasyon niya iyon, ani Dream. Serbisyo sa gobyerno sa pagiging scholar niya mula elementary hanggang college.

“May kasalanan ba ako sa ’yo at ganyan ang tawag mo sa akin?” Nakahalukip na sumandal ang lalaki sa doorframe, lukot na lukot ang mukha.

“O!” Dinuro niya ito, malawak ang ngiti. “Wag nang sumimangot, papangit ka niyan.”

“S’abi na kasing ayokong tinatawag ng Salvador, eh.” He was Salvador Noble VI pero masyado na daw kasing outdated ang pangalan nito.

“Sige na nga, Buddy,” diin niya sa palayaw ng kaibigan bago hinila pasara ang pinto na nang lumagabog ay naging tila tuldok sa kanilang usapan. “Ikaw naman! Daig mo pa ang pigsang malapit nang pumutok. Ngiti na! Paano ka niyan makakabingwit ng magiging girlfriend mo?”

“Wala akong panahon,” pikon pa rin na pahayag nito. “Ikaw, kung makapagsalita ay parang expert ka sa relasyon, ah. Bakit? May boyfriend ka ba?”

Isang misteryosong ngiti ang sumilay sa kanyang

mga labi. “Mayroon kaya, hindi mo lang alam.”

“Hah!” Bumuga ito ng hangin. “Sino? Iyong bida sa librong nabasa mo na hindi na nga sa panahon ngayon nabuhay, eh, nasa isang lugar pa na inimbento lang?”

“Wag ka ngang ganyan.” Pinamilugan ito ni Dream ng mga mata. “Marinig ka ni Aragorn, tatagain niyon ang ulo mo para maipagtanggol ako, sige ka.”

“Weird ka talaga,” ingos ng kausap.

Itinulak niya si Buddy. Weird na kung weird, at least may sense of humor siyang matatawag.

“May gusto ka ba sa akin at ganyan ka kung makapagsungit? O baka naman naglililihi ka lang?”

Lalong lumaki ang bilugan nang mga mata ng kaibigan at tiningnan si Dream na tila ba nababaliw na siya. Pagkatapos, walang seremonya itong naglakad palayo. Mabilis. Iyong tipong may layuning iwan siya.

Gustuhin man niyang humabol ay hindi niya magawa dahil mabilis siyang hiningal dahil sa katatawa. It totally amused her how she could affect him like that. Sa ibang tao naman ay mahaba ang pasensya nito. Nakukuha pa nga nitong makipagbiruan.

“Buddy!” tili niya. “Aba’y minsan mo na nga lang ako madaanan dito, lalayanan mo pa ako?”

Lumingon ito saglit para sumigaw ng, “Ewan ko sa iyo!” bago lalong binilisan maglakad.

She gave up. Tatal magpapang-abot din naman sila nito sa bookshop, at kahit naman bugbugin niya ito ng pang-aasar, hindi naman siya siguro sisisantehin.

Pinanood na lang niya ang papalayong likuran ng kaibigan at saka nag-isip. Baka nga may crush ito sa kanya kaya ito ganoon. Okay naman siguro itong maging boyfriend. May hitsura naman si Buddy na hindi ikahihiya. Masinop pa sa kabuhayan at definitely matalino.

Kaya lang may mali. May kulang. She'd always imagined a first relationship to be breathtaking. Iyong parang roller coaster ride na exciting at nakakatakot at nakakaubos ng hininga all at the same time. Wala rin siyang nararamdamang sinasabi nilang nagpa-flutter na libu-libong paru-paro sa tiyan para rito. Sa halip, ang nararamdaman niya ay...

“Hoy, Buddy!” sigaw niya nang mas malakas pa. “Mag-agahan muna tayo!”



Tahimik na nakatanghod si Isaac Felipe Yabut sa pag-aaring ekta-ektaryang lupa sa abot ng kanyang tanaw. Humahaplos sa paligid ang mabining init ng bagong sikat na araw. Umiihip ang preskong hanging dala ang samyo ng bagong sibol na mga tanim. Ang lupaing iyon ay mayaman, puno ng buhay, ng pag-asa.

Ah, to be alive.

Nami-miss na niya ang gayon – iyong bawat hibla ng kanyang laman na nagba-vibrate; all senses alert, every vein flowing with warm blood, ready to move, ever ready to spring into action. Matagal nang panahon ang lumipas mula nang huli niyang maranasan iyon.

“Kuya, kape n’yo po.” Pinukaw ng kasambahay ang kanyang pag-iisip.

“Salamat.” Tipid niya itong nginitian bago dinala sa labi ang tasa ng umuusok na halos itim na likido at sumimsim nang kaunti mula roon.

Bahagya siyang napangiwi sa nalasahang pait. Sa dalawang taong pag-inom ni Isaac ng kapeng walang timplang kahit ano, hindi pa rin kaaya-aya para sa kanya ang lasa niyon. Kunsabagay, sanay ang dila niya sa matamis at makremang bersyon ng paborito niyang inumin. Ganoon kasi iyon tinitimpla para sa kanya ng asawang mahigit dalawang taon nang namayapa.

Yes, ganoon na katagal mula noong pagdaanan ni Isaac ang nakayayanig na pangyayaring nagpabago sa buhay niya. Hindi niya inasahang siya, imbis na ang asawa, ang daranas ng ganoong klase ng pagsubok dahil siya itong may trabahong peligroso.

Isa siyang operatiba ng *NBI*. Tulad ng lahat ng nasa serbisyo sa law enforcement, hindi imposibleng iuwi na lang siya nang nakakahon isang araw bilang casualty ng isang raid, undercover job o kung anong

operasyon.

Alam ng babae ang posibilidad na iyon mula pa noong naging kasintahan niya ito. Ni minsan ay hindi siya nito pinilit talikuran ang trabahong pinasok niya para paboran ang mas payapang uri ng pamumuhay para sa kanilang dalawa at sa pamilyang gusto nilang buuin. Siya pa nga ang natatakot noon, hindi para sa sarili, kundi para sa asawa.

“Tanggap ko na delikado ang trabaho mo, Isaac.”

Mahal na mahal niya ang babae at lahat ibibigay niya para makasama ito habambuhay bilang kanyang asawa. But he would never put her in a position where she would have no choice but to live in danger with him.

“Natatakot ako para sa iyo. Natatakot ako para sa sarili ko. Pero ganyan na kita nakilala at minahal. Ganyan kita mamahalin sa mahaba pang panahon. Wag mong gawing excuse ang buhay mag-asawa natin para panghinaan ka ng loob na magsilbi sa bansa. I will forever be proud of you for being selfless and courageous.”

He would have loved to bask in that pride for many years, pero iba ang balak ng tadhana. Nilukuban sila ng isang malagim na pangyayari na natuklasan ni Isaac pag-uwi niya mula sa isang nakakapagod na araw sa opisina.

Inabutan niya ang kanilang apartment na mistulang dinaanan ng buhawi. Sira-sira at

nangagbagsakan sa sahig ang mga kagamitan nila. Pati mga pader ay na-vandalize. Ano't anuman, walang nawawalang gamit. Pero ang asawa niya?

Parang hindi niya asawa iyong nakahandusay sa tiles ng kanilang banyo. It was just a corpse. Isang bangkay na may mga matang tulala at malamig ang titig. Bahagyang nakaawang ang mga labi nito, wala nang init ng buhay ni tamis ang halik. Pasalamat na lang si Isaac dahil walang bakas na nilapastangan pa ang babae dahil kung hindi... Hindi niya alam kung ano ang nagawa niya. Iisa lang ang marka sa katawan nito, ang tanging sanhi ng pagkamatay – isang tama ng bala sa gitna ng noo.

Agad niyang nahulaan na may kinalaman ang pangyayari sa kasong hawak niya at ng isang partner. Bago ang krimen, ilang masasamang mensahe at mga babala ang natatanggap niya mula nang ma-identify nila ang suspect sa kaso.

Binalewala ni Isaac ang mga iyon tulad ng kadalasang ginagawa niya sa ilang daan pang death threats na inuulam niya sa agahan tuwing may nakakaharap siyang partikular na delikadong mga kaso. Noon pa talaga, kung kailan ibinaba niya ang kanyang pagiging alerto, saka sila nabiktima.

Walang katumbas na lungkot at pangungulila ang nadama niya sa pagkamatay ng kabiyak. Matapos ang libing, binigyan niya lang ang sarili ng ilang araw para magdalamhati at magluksa bago niya hinayaang sumabog ang galit sa buo niyang

pagkatao.

Puspusang pinangunahan niya ang manhunt para mahuli ang may-sala na muntik pa niyang napatay sa suntok kung hindi siya pinigilan ng mga kasama. Anang mga ito ay ipaubaya niya sa batas ang pagpataw ng kaparusahan para sa krimeng nagawa nito.

Naipakulong sa lalong madaling panahon ang killer. Pero kung inakala niya at ng ahensya ay papayapa siya sa wakas, nagkamali silang lahat. As if courting death, animo isa siyang naglalakad na bomba, handang maglunsad ng all-out war sa lahat ng suspect at kriminal na tinutugis sa mga kasong hinahawakan ng lahat ng team sa *NBI*.

Hanggang umabot sa puntong kinailangan na siyang ipatawag ng kanyang mga superiors para pakiusapang mag-sabbatical muna siya para ayusin ang sarili. Sabi ng mga ito, they couldn't have him thinking he was a one-man army, dahil kung hindi siya ang maunang mamatay, the bureau might be in jeopardy bunga ng padalus-dalos niyang mga kilos.

Despite his rage, alam ni Isaac na tama ang mga ito. Pumayag siya at humingi ng paumanhin sa kawalan niya ng finesse at pag-iingat. Kapalit ng extended leave, nangako ang mga boss niya na hihintayin siyang bumalik kahit magbilang ng taon, basta maka-recover siya sa all-time low ng kanyang buhay.

Nagdesisyon na lang siyang umuwi muna sa

Tayabas kung saan siya ipinanganak at lumaki. May pag-aari silang malaking farmland doon. Tumatanda na ang mga magulang niya para magpakapagod pa sa pamamahala ng lupain. That land was his, after all, at kailangan niyang itaguyod iyon.

Hinikayat niyang magretiro na ang ama't ina at niregaluhan ng engrandeng bakasyon sa kung saan-saang bansa sa Europa. Inako niya ang responsibilidad sa pataniman para may mapagkaabalahan at may mapagbuhusan siya ng enerhiya.

Tama lang din. Sa pagsalo ni Isaac sa kabuhayan doon, unti-unti niyang natagpuan ang kapayapaan sa kanyang puso at dahilan para muling mabuhay.

Pero ang kagustuhang muling magmahal?

Saka na 'yun.



Chapter Two



Nangangalay man ang likod at ang leeg, hindi makuhang kumilos ni Dream mula sa kinauupuan at mula sa binabasang libro. Sinimulan niya iyon siguro may dalawang oras na ang nakakaraan at kung ano ang puwesto niya nang inumpisahan niyang magbasa, gayon pa rin ang puwesto niya nang mga sandaling iyon. Absorbed na absorbed siya sa ginagawa, mabuti at narinig pa niyang magpaalam si Buddy sa kanya na sasaglit ito sa labas para bumili ng...

Ano nga ba iyon?

Basta naroon siya at magbabantay sa shop. Hindi naman siguro makakalagpas sa kanya kapag may pumasok roon para bumili. She was seated right where she could see the door. At sana wala munang pumasok doon para umistorbo sa kanya dahil gusto niyang tapusin ang kuwentong binabasa.

Nasa huling chapter na ang dalaga nang makuha niyang panandaliang iangat ang ulo para luminga. Umusal siya ng pasasalamat nang makitang nag-iisa pa rin siya roon. Suminghot siya, dinampian ng panyo ang basang mga mata at saka binalikan ang mga pahina.

Hindi natigil ang paghikbi ni Dream. Sa

katunayan, habang tumatagal, lalo lang dumadalas ang hikbi, lalong lumalakas ang pagnguyngoy niya. Hanggang sa umabot siya sa dulo ng binabasang libro kung saan tahasan na siyang humahagulgol. Maingay pa siyang sumisinga dahil baradong-barado na ang ilong niya sa kaiiyak.

“That was just about the most heartbreaking story ever!” malakas niyang sabi, confident na walang makakarinig sa kanya, therefore, walang witness sa kanyang breakdown.

Mali siya.

May tumikhim mula sa pintuan at gulat siyang suminghap bago dahan-dahang lumingon patungo sa direksyong pinanggalingan ng tunog.

Inaasahan niyang si Buddy iyon. Mabilis siyang makakapagpalusot kung ito ang nagkataong naroon. Dadaanin lang naman niya ito sa pamimikon para lubayan siya. Magaling naman siyang mang-asar at sadyang pikunin ang kaibigan kaya garantisado iyon.

Pero wala ang karaniwang mapangutyang “*Sus! Lahat naman ng binabasa mo, most heartbreaking story ever,*” na inaasahan ni Dream. Nagsimula na tuloy siyang manliit dahil alam na niyang estranghero ang nakasaksi ng kanyang pagbi-breakdown.

“Sorry, excuse me,” itinaas ng lalaki ang kamay sa batok, “okay ka lang ba, Miss?”

Naman!

“Okay lang po,” she squeaked.

Nahihiyang napangiti ito.

“Pasensya na ha, hindi ko naman sinasadyang panoorin ’yung ano...” Nagmuwestra ito. “Yung pagiyak mo.” Humina ang boses nito sa huling parteng iyon. “Sigurado ka na okay ka lang? Hindi mo ba kailangan ng tulong sa kung ano man?”

Umiling si Dream. “Nagbabasa lang po kasi ako ng book.”

“Ahh.” Marahan itong tumango. “Iyon na nga ang napansin ko. Baka lang ’ka ko may ibang problema.”

“Hindi po, ganito lang ako talaga,” dagdag niyang paliwanag.

Ilang saglit pa na nagtitigan lang sila roon. Siya ay pasinghot-singhot pa din habang tila hindi naman alam ng lalaki kung tutuloy o aalis dahil tinatantya siguro kung alin sa gagawin nito ang hindi magbubunsod ng pagkapahiya niya.

“Babalik na lang ako siguro mamaya.” Sa wakas ay nagpaalam ito at doon siya natauhan.

“Ay, hindi po.” Inilapag ni Dream ang libro at saka tumayo mula sa kinapupuwestuhan sa likod ng counter. “Tuloy po, Sir, open naman po ang store.”

“Salamat.” Nag-aalanganin pa din itong pumasok. “Wag na ’yung po,” anito. “Di naman yata tayo nagkakalayo ng edad.”

“Weh?” The reaction was out bago pa napigilan ni Dream ang sarili. Puwede bang lamunin na lang

siya ng lupa? “S-saglit lang, ah, m-magbanyo lang...”

Tumalilis na siya mula sa harapan nito bago pa siya makagawa ng panibagong ikapapahiya niya.

“Alangya,” kausap niya sa sarili sa salamin, “ngayon mo lang nakita ’yung tao, hihirit ka pa ng ganoon? Lekat ’yan.”

Lekat talaga. Malay ba niya kung talagang mabilis lang pumuti ang buhok n’ung lalaki? At paano kung nasa lahi nito ang magmukhang matanda nang maaga?

“Atribida ka.” Dinuro pa niya ang salamin para i-emphasize ang sinasabi dahil nakakahiya siya talaga.

Inalis niya ang suot na eyeglasses at dumukwang sa lababo. Nag-splash siya ng malamig na tubig para mahugasan ang kalokohang umiikot sa utak niya at para din maibsan ang pamamaga ng kanyang mata. Nang sa palagay niya ay maayos-ayos na siya, isinuot niyang muli ang antipara at saka lumabas sa shop.

Tumikhim siya nang medyo malakas para ipaalam sa customer na nakabalik na siya at saka muling pumuwesto sa likod ng counter. In-on niya ang computer at naghintay. Nang naghintay nang naghintay.

At akalain ba niyang wala na pala siyang kasama roon? Wala nang kumakaluskos kahit saan kaya ibig sabihin, nag-iisa na sa shop si Dream.

She hissed habang pinapaikot ang bilog ng mga

mata.

Inikot niya ang inuupuan para humarap na lang sa computer. Nag-open siya ng bagong word file habang ine-engage sa diskusyon ang sarili.

“Magba-browse daw, bigla namang umalis. Aba, eh malay ba natin kung dahil napakatagal mo sa banyo kaya nainip iyon kahihintay. Malay mo kung may importanteng lakad iyon. At bakit naman affected ako sa pag-disappear niya? Customers do that all the time, anyway. Ano’ng masama kung lumarga ’yung tao? Palagay mo ganoon ka kaimportante para pagpaalaman niya? Sino ka ba sa kanya? Hindi ka naman niya nanay. Lalong hindi ka niya girlfriend. Oo, hindi nga, pero sayang ang benta. Baka umalis ’yun kasi hindi naasikaso.”

“Miss?” Medyo malamig ang kamay na dumantay sa bisig ni Dream.

Gulat na napahiyaw siya bago napalingingon. At saka niya na-experience sa unang pagkakataon ang tinatawag na pagso-short circuit ng utak. Gumiwang ang mundo niya na tila ba biglang napakabilis ng ikot ng daigdig, daig pa iyong octopus ride na nasakyan niya minsan sa peryaan sa bayan.

Ito! Ganito ang tipo ng lalaking pinapangarap maging first love! First kiss. First everything! Iyong tipong masarap titigan dahil gumuguwapo ito habang tumatagal. Iyong mabango pero hindi umaalingasaw. Sapat lang na mahikayat ang kahit sino para singhut-singhutin ito sa leeg. Iyong tipo ng

dibdib na masarap sandalan. Iyong tipo ng mga bisig na masarap yumakap.

At kailangan nga yata niya ng yakap nito lalo at nagpatuloy ang sensasyon na tila gumigiwang siya. Huli na nang mapagtanto niyang kaya pala gayon ay nag-tilt nang totohanan ang kanyang inuupuan. Before she could hold on to anything, nabuwal na si Dream nang tuluyan.



“Ay, palaka!”

Parang slow motion na eksena sa isang pelikula ang pagkakasaksi ni Isaac sa pagharap sa kanya ng babae matapos niyang tapikin ito. Mapapansin sana niya ang simpleng kagandahan nito kung hindi nangyari ang sumunod na nangyari.

Kitang-kita niya kung paano namilog muna ang mga mata ng kaharap bago tumagilid iyong inuupuan nito. Alam na alam niyang ang kasunod niyon ay tuluyang mao-off balance ito. Sa isip niya, inihanda niya ang sarili na saluhin ang dalaga para hindi masaktan pero ang sumunod na lang niyang namalayan ay may malakas nang lumagabog at nakita niyang nasa sahig na ito.

“Okay ka lang, Miss?” Iniabot niya ang kamay para tulungan itong makatayo. “Nasaktan ka ba?”

Umiling ito at inayos ang pagkakasuot ng salamin. “Nakakahiya naman ako,” nakangiwing daing nito bago hinaplos ang gawi ng balakang. “Nagulat ako sa ’yo.”

“Obvious nga,” nakangiting turan ni Isaac, naka-extend pa din ang kamay. “Sorry ha.”

She wrinkled her nose adorably at saka kumapit sa kanya. Unang naisip niya ay kung gaano kakinis at kalambot ang palad nito. Pagkatapos ay binalot siya ng samyo ng babae nang makatayo ito sa tapat niya. She smelled warm and sugary sweet. Parang cotton candy.

“Pasensya ka na,” bahagyang natulalang aniya. “Hindi ko naisip na baka di mo ako narinig na lumapit.”

“Pasensya na din po kayo kasi bingi at tulala talaga ako kapag may iniisip.” Inikot-ikot nito ang baywang para makapag-stretch. “Weird nga daw ako, eh.”

Natawa si Isaac doon but found it hard to believe. Naisip lang niyang cute na kinakausap nito ang sarili. “Sigurado ka na okay ka lang? Puwede kitang samahan sa clinic para magpatingin.”

“Hindi na po.” Umiiling itong umatras palayo sa kanya. “Okay na po. Nakakatayo naman ako. Nakakalakad din naman. Nabugbog lang nang konti’yung ego ko. Buti na lang may sarili akong kutson kasi baka nadamay sa bugbog ang pang-upo ko.”

Kung taba sa katawan ang tinutukoy nito bilang ‘kutson’, ewan niya kung nasaan iyon. Slim ang babae bagaman hindi payat. Sexy nga ito kung tutuusin. Sa katunayan, kung siya lang ang tatanungin, sasabihin niyang nasa tamang lugar

lahat ng kurba ng katawan nito mula sa hugis ng legs, sa baywang at balakang, pati ang umbok ng dibdib...

Ipinilig ni Isaac ang ulo.

“Sige, kung sure ka.” Tatalikuran na sana niya ito para ituloy ang pakay na paghahanap ng bagong libro nang makita niyang biglang namilog ang mga mata ng babae at tila nagmamadaling lumabas mula sa likod ng counter, palinga-linga ang ulo. “May hinahanap ka?”

“Ngayon ko lang naisip, baka nasalisihan ako n’ung manong, ah.”

“Sino?” Iginala niya rin ang tingin sa paligid.

Wala siyang inabutan doon na customer pero dahil mabilis ang mga mata ni Isaac sa mga bagay na medyo out of place, palagay niya ay wala namang nagalaw na kahit ano doon sakaling may kinuha nga ang kung sinong naroon bago siya. But then again, hindi niya naman alam kung ano ang laman ng shop.

“Ahm, Sir, kung gusto n’yo pong mag-browse, go ahead lang po.” Nagsimulang magpalakad-lakad ang babae. “Titingnan ko lang kung may nawawala.”

“Sure,” pagpayag ni Isaac pero imbis na tunguhin ang mga shelves ng libro, natagpuan niya ang sariling napako sa kinatatayuan para pagmasdan ang pagkilos ng dalaga. Maliksi ito pero hindi haragan. Graceful pa itong matatawag. Sa sobra niyang pagkatulala, halos nakalagpas sa kanya

na may sumasabay ding mabuhay na damdaming matagal na niyang hindi nararamdaman.

What the hell, Isaac? suheto niya sa sarili.

Kumurap siya nang maraming beses at lumunok bago ibinaling ang atensyon sa mga salansan ng libro at tingnan kung may magugustuhan siya roon.

“Hay, okay lang,” nadinig niya’ng buntong-hininga ng babae. “Kumpleto pa din ang stocks.”

“Hindi naman yata karaniwan dito ang nakawan,” banggit niya.

“Hindi nga po,” ayon nito. “Kaya lang po, ngayon ko lang kasi nakita si Manong kaya alam ko na dayo siya. Mabuti po sana kung ’yung mga taga-rito lang na regular na pumapasyal dito sa shop. Sigurado ako na hindi nila ako sasalisihan.”

“Ahh.” Tumangu-tango siya.

Inabot niya ang isang nobela ni Tom Clancy na nasa gawing itaas na shelf. Naka-jackpot yata siya roon dahil matagal na niyang hinahanap iyon. Kakaunti lang din naman ang mga libro doon na action-thriller o mystery-action ang tema. Karamihan ay romance at mga pambata. Wala siyang interes sa mga iyon.

“Ikaw, Sir? Hindi ka taga-rito?”

Medyo nagulat si Isaac na hindi pa pala umaalis ang babae mula sa tabi niya. He was more surprised that she asked at all. Interesado ba ito sa kanya o bunga lang ng curiosity ang pagtatanong nito?

“Ah, taga-Quezon ako pero matagal akong

tumira sa Maynila.”

“Gan'on po ba? Maganda po ba sa Maynila?”

“Hmm...” Seriously, napaisip siya doon. “Siguro depende sa pinagtatanungan.”

“Eh, para sa 'yo, Sir, maganda ba ang Manila?”

Nagkibit siya. “Kinailangan ko lang tumira doon.”

May ganda ang Maynila. Kaya lang, hindi siya handang makipagdiskusyon dito ng tungkol sa opinyon at obserbasyon niya sa kahit ano. Wala siya sa mood.

Force of habit din siguro dala ng pagiging agent iyong ganoong pag-iwas niyang magsalita tungkol sa sarili. Malay ba niya kung gagamitin na impormasyon laban sa kanya ang kung anong masabi niya? Although mukhang hindi naman tipong ganoon ang dalaga.

“One of these days, sisipagin akong pumasyal doon,” anito bago tumalikod para balikan ang counter. “Marami akong gustong pasyalan kaya lang hindi ko pa maharap. Hay, ang hirap din ng walang malaking bank account.”

May maliit na bahagi ng utak niyang nagsabi na masaya siguro kung mabibigyan siya ng pagkakataong maipasyal ang babaeng ito. Mabilis lang niyang pinalis ang ideyang iyon.

“Ito na lang.” Isinunod niya rito ang napiling bilhin.

“Fifty-five pesos po 'yan, Sir. Pasensya na po,

medyo mahal. Makapal, eh. At saka halos bago pa.”

“Okay lang.” Naglabas siya ng buong sandaang piso. “Isaac.”

“Po?”

Hindi niya naging ugaling magpakilala lang basta, pero naiilang siyang tawaging ‘sir’ with matching ‘po’ lalo at hindi naman toddler ang kaharap niya. Iyon ang gusto niyang isipin.

“Isaac ang pangalan ko. ‘Wag na ‘yung ‘sir’ o ‘po’.”

“Dreamelyn. Dream po.” Inilahad nito ang palad para makipagkamay at tinanggap niya iyon. “Ay, wala nga palang po.” Lumawak ang ngiti nito.

Dream. Naisip niyang bagay sa babae ang pangalan lalo na with a smile like that. At ang masaya nitong mga mata sa kabila ng suot nitong antipara. Ang mala-rosas na kutis na tila makinis haplusin. She looked like someone who made up lovely dreams.

Bago siya matulala na naman, inilihis ni Isaac ang tingin mula rito. Naibaling niya iyon sa isang maganda at makulay na pencil sketch ng isang prinsipeng nakaluhod, hawak ang kamay ng isang prinsesa na kitang-kitang puno ng pagmamahal ang mga mata at ngiti. Naka-frame ang drawing at nakasabit sa pader.

“Ang ganda naman niyan.”

Nilingon nito ang tinutukoy niya. “Ay, thank you.”

“Gawa mo?”

“Opo,” anito bago nangingiting ipinilig ang ulo. “Sorry, oo, ako ang may gawa. Ginamit ko ’yan na visual aid para sa mga bata sa day care.”

“Teacher ka?”

“Volunteer. Among other things.” Hinawi ni Dream ang hanggang balikat na buhok at iniipit iyon sa likod ng tainga nito.

Funny how he felt he would have loved to do that for her. Mukhang kay lambot ng mga hibla ng buhok nito.

“Like what things?”

“Ay, ahm...” Bahagyang tumirik ang mga mata nito na tila nag-iisip. “Ayan nga, I do sketches and minsan kapag sinisipag, nagpi-paint ako. Kapag sinuswerte, may nagkakainteres sa mga gawa ko at nabibili naman. Pero first love ko ang books so ’yun ang work ko talaga. I read novels. Classics, contemporary, avant garde, lahat ng klase. Tapos, gumagawa ako ng review with discussion notes para sa isang educational publication. At saka ito, tagabantay ako dito sa shop. Gusto ko sana sa library kaya lang hindi naman Library Science ang tinapos ko so okay na din dito sa bookshop.”

Siguro kaya impeccable ang vocabulary nito. Plus, sigurado siyang malawak ang imahinasyon ng dalaga. Masarap siguro itong kausap. Masarap sigurong...

Naisip niyang oras na para magpaalam.

“Tuloy na ako.” Kinuha niya ang binili. “Salamat sa pag-aasikaso.”

“It’s a pleasure.” Kumaway ito. “See you around.”

Nagulat si Isaac sa ibinulong ng kanyang isip:
That would be nice.

